cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Mga Hamon Sa Epektibong Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Pagsasalita

Jerrylyn C. Culla-ag[1]; Gveil T. Cosente[2]; Brenda P. Chadya-as[3]; Nashibah U. Dirampaten[4]; Maria Lourdes G. Eguia[5]

Graduate School, Baguio Central University, Baguio City 2600, Cordillera Administrative Region, Philippines
cullaagjerrylyn@gmail.com; gveilcosente08@gmail.com; brendachadyaas@gmail.com; msdirampaten@gmail.com; marialourdesgeguia@gmail.com
Correspondence: perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

Abstrak: ***Ang layunin ng pagsusuri na ito ay masusing maunawaan ang mga hamon na hinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal at pang-sosyal. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga labimpito (17) na mag-aaral na nasa ika-anim na baitang, kung saan lumabas ang masusing pagbuo ng kanilang kakayahan sa komunikasyon. Isinagawa ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik sa Paaralang Elementarya ng Tapapan, Bauko, Mountain Province sa taong panunuran 2024-2025. Sa aspetong pang-sikolohikal, pinakahamon sa mga mag-aaral ang pagkahiya kapag maraming tao ang nakikinig sa kanila habang nagsasalita na nagreresulta sa pag-iwas sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino. Sa aspetong pang-sosyal, naitala ng mga taga-tugon ang pagkatakot na magkamali sa pagsasalita na nagresulta sa pagkahiya na makipag-usap sa guro at kamag-aral, hirap na pag-unawa sa kausap at pagkawala ng interes sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Sa aspetong pang-akademiko, ang pangunahing hamon na naiulat ng mga mag-aaral ay ang pagkahiya sa pagtatanong kapag may hindi naiintindihan gamit ang Wikang Filipino. Ito'y nagresulta sa pag-aatubili ng mga mag-aaral sa pagsagot sa resitasyon. Bilang tugon sa mga hamong ito, natuklasan sa pagsusuri na nag-aaral ang mga mag-aaral ng mga salitang Filipino upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino. Ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng wikang Filipino sa iba't ibang aspeto. Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang pagpapahalaga at paghubog sa pag-aaral ng mga Filipinong salita ay may malaking bahagi sa pag-unlad ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.***

Susing Salita: ***hamon, epekto, paraan, akademiko, sikolohikal, sosyal***

I. INTRODUKSYON

Nabanggit sa pananaliksik nina Dicang et.al (2023) na isa ang Filipino sa itinuturing na wikang mahirap gamitin sa pakikipagtalastasan sa kasalukuyang panahon dahil sa kakulangan ng bokabularyo sa naturang wika, nakalilitong mga salita dulot ng mga panlaping nakapaloob rito at ang katatasan sapagkat hindi ito gaanong ginagamit na nakaaapekto sa kahusayan at katuwiran sa pagpapahayag.

Sa pakikipagtalastasan ay nasusubok ang kasanayan ng isang mag-aaral sa pagsasalita. Isa ang pagsasalita sa makrong kasanayan na nililinang sa mga mag-aaral sa elementarya sa asignaturang Filipino. (K-12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino)

Ayon kay Moya (2023) sa kanyang artikulo sa Bicol Mail na pinamagatang Estratehiya sa Pagkatuto ng Makrong Kasanayan sa Pagsasalita, ang pagsasalita ay isang paaran upang maipahayag ng bawat isa ang kani-kanilang saloobin, ideya, katwiran, damdamin, kaisipan at kaalaman sa isang taong kinakausap. Ito ang susi sa pakikipagtalastasan sa kapwa tao. Sa pamamagitan ng wika naipapahayag ng tao ang kaniyang saloobin at nakapagpapaliwanag sa pamamagitan ng salita.

Ayon naman sa pananaliksik ni Manalus (2021), Ang pagsasalita ay isa sa makrong kasanayan na ang layunin ay pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng verbal na paraan, paggamit ng wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ayon sa pag-aaral ni Pagaduan (2024) ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ay inisyatibo ng kagawaran ng Edukasyon na naglalaman ng mga reading maetrials, mga pagtatasa at kagamitang magagamit upang matugunan ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagbasa. Nakasentro ang pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa pangaraw-araw na interaksyon at talakayan ay malinang ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood.

Sa pagsasalita, ang wika ay isang mahalagang kasangkapan gaya ng wikang Filipino. Ang wikang Filipino ay nagpapatunay na mayroong sariling wikang maipagmamalaki ang mga Pilipino (Valdez et.al, 2019).

Sa lokal at pambansang antas, kritikal ang kawalan ng sapat na kasanayan sa Wikang Filipino sa edukasyon, na maaaring humantong sa mga mag-aaral na mawalan ng oportunidad at hindi maipahayag ang kanilang mga ideya at kaisipan nang maayos (Fajardo, et.al. 2024).

Nakapaloob sa Konstitusyon ng 1987, makikita sa Artikulo XIV, Sek. 6., ang pagtatalaga ng Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa ng Pilipinas. Sinasabi din sa artikulo na alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasiya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa Sistemang pang-edukasyon. (1987 Constitution)

Upang mapahalagahan ang Wikang Filipino, nilagdaan din ng dating Pangulong Fidel V. Ramos ang Atas ng Pangulo Proklamasyon Blg. 1041 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 Bilang Buwan ng Wikang Pambansa.

Bagama't patuloy na itinataguyod ang paggamit ng Wikang Filipino, ay maraming mga Pilipino ang hindi tumatangkilik sa sariling wika. Sa katunayan, mula sa pananaliksik na isinagawa ni Nibalvus (2017), lumalabas sa kaniyang pag-aaral na mas binibigyang halaga ang paggamit ng Wikang Ingles kaysa sa Wikang Filipino. Ito ay sa kadahilanang ang Wikang Ingles ang ginagamit sa mga makabuluhang aktibidad gaya ng pagpapalaganap ng impormasyon, mga anunsiyo, karatulang panggobyerno, at mga pangalan ng gusali.

Maraming mag-aaral sa elementarya ang mas pinipiling gamitin ang wikang Ingles kaysa sa Filipino bilang medium ng instruksyon dahil sa ilang salik na nakakaapekto sa kanilang pagkatuto. Ayon sa isang pag-aaral, ang mga estudyanteng exposed sa Ingles ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng kasanayan at kumpiyansa, na nagiging dahilan upang mas madali nilang maunawaan ang mga konsepto sa mga asignaturang tulad ng Agham at Matematika (Dixon, 2024). Bukod dito, itinuturing ng mga mag-aaral at guro na ang paggamit ng Ingles ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa kanilang hinaharap, lalo na sa mga larangan na nangangailangan ng mahusay na kakayahan sa wika (Melegrito, 2022). Sa kabila ng mga benepisyo ng paggamit ng Filipino, ang pagkakaroon ng mas malawak na access sa mga materyales at resources na nakasulat sa Ingles ay nagiging pangunahing dahilan kung bakit ito ang pinipiling wika sa edukasyon.

Ayon sa internasyonal na pananaliksik ni Zainurrahman (2019) na pinamagatang A Study on The University Students' Speaking Difficulties, ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsasalita ay naapektuhan ng kanilang problemang sikolohikal tulad ng pag-aatubili at mababang pagtingin sa sarili Bukod dito, ipinakita ang natuklasan na ang karunungan ng bokabularyo ay may mahalagang papel sa aktibidad sa pagsasalita. Ang sikolohikal na dahilan at ang kasanayan sa bokabularyo ay dalawang pangunahing isyu na natuklasan.

Dito sa Pilipinas, nabanggit sa pag-aaral nina Valdez et.al (2019) na nananatiling problema ang istandardisasyon ng Wikang Filipino at ang nangingibabaw ay wikang Ingles gayundin ang paghahalo ng wikang Ingles at wikang Filipino o Taglish.

Ito din ay lumabas sa pag-aaral ni Marbella (2020) na ang uri ng kasanayan sa pakikipag-komunikasyon at pagsasalita ng Filipino ay hindi istandard na Filipino kundi Filipino na may Ingles.

Nabanggit sa pananaliksik nina Dicang at Molina (2023) na ang salik na pang-akademiko na nakakaapekto sa pakikipagtalastasan gamit ang Wikang Filipino ay ang nahihiyang magtanong kapag may hindi naunawaan sa paksang pinag-aralan habang sa salik na pang-sosyal naman ay ang naipagpapahalo ang ibang wika (Ingles, Ilocano at iba pa).

Mula naman sa resulta ng pag-aaral ni Harven (n.d.), isa sa mga suliranin sa pagsasalita ng wikang Filipino ay ang pagpapalit sa mga tunog o ponema na wala sa salita at ang pagdala ng intonasyon, tono at diin ng unang wika kapag nagsasalita ng Filipino. Natukoy din sa pag-aaral na ang pangunahing epekto ng mga suliraning ito sa kanilang pag-aaral ng mga asignaturang Filipino ay ang pagkawala ng interes sa mga asignaturang Filipino. Dahil sa takot na magkamali at pagtawanan ay pinipili na lang ng mga mag-aaral na manahimik at mahiya kapag nagsasalita ng wikang Filipino sa loob ng silid-aralan.

Malaki rin ang bahaging ginagampanan ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng wikang Filipino. Ang mga personal at propesyonal na katangian ay nakakaimpluwensya sa mga resulta ng pagkatuto ng mga

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mag-aaral, habang ang mga estratehiya sa pagtuturo ay gumaganap ng mas malaking papel sa pagpapahusay ng positibong pagkatuto sa konteksto ng pagtuturo ng asignaturang Filipino (Base et.al, 2023).

Masasabing ang teknolohiya rin ay isa sa mga salik kung bakit nagbago at nakaligtaan ng karamihan sa kabataan ang Wikang Filipino sa kasalukuyan (Zjiezza, 2016).

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon na tukuyin ang mga pangunahing hamon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Ito ay naglalaman ng kahalagahan at mga taong makikinabang sa kalalabasan ng pananaliksik. Ito ay magbibigay sa kanila ng impormasyon at resulta na maaaring gamitin bilang batayan para sa pagbuo ng mga aktibidad na makakatulong sa mga mag-aaral na sanayin pa ang kakayahan at kumpiyansa sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino.

Nais nitong suriin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, partikular sa mga aspeto ng sikolohikal, pang-akademiko, at sosyal.

Ayon kay Dicang at Molina (2023), ang mga mag-aaral ay madalas na nahaharap sa takot na magkamali o mapahiya, na nagiging sanhi ng pag-aatubili sa kanilang pagsasalita. Ang ganitong takot ay maaaring magdulot ng pagkabahala at mababang tiwala sa sarili, na nakakaapekto sa kanilang kakayahan na makipag-usap nang epektibo.

Sa pang-edukasyon naman, tinukoy ni Mallari (2023) ang kakulangan ng suporta mula sa mga guro at institusyon bilang isang malaking hamon. Kung hindi sapat ang tulong at gabay mula sa mga guro, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na maunawaan at maipamalas ang kanilang kaalaman sa wikang Filipino. Ang mga hamong ito ay nagreresulta sa limitadong kasanayan at kaalaman sa wika. Sa sosyal na aspeto, ang impluwensya ng ibang wika, tulad ng Ingles, ay nagiging hadlang din.

Maraming mag-aaral ang mas komportable sa paggamit ng Ingles dahil sa mas malawak na paglantad nila rito, na nagiging sanhi ng pag-aalinlangan na gamitin ang wikang Filipino, lalo na sa mga pormal na sitwasyon (Metrillo et.al, 2018).

Layunin din ng pananaliksik na sagutin kung paano ba nakakaapekto ang mga natukoy na hamon sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita at kung anong mga paraan ang ginagawa ng mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kakayahan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita

Ang huwaran ng pag-aaral ay may layuning suriin ang mga pangunahing hamon sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Baitang 6.

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay suriin ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa mga pangunahing hamon na kanilang kinakaharap sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita.

Sasagutin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang mga pangunahing hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita sa aspetong pang-akademiko, sikolohikal at sosyal?; Paano nakakaapekto ang mga pangunahing hamon sa epektibong paggamit pagsasalita gamit ang Wikang Filipino?; Ano ang mga paraan ng mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kakayahan sa epektibong paggamit sa pananalita ng wikang Filipino?

Ang mga pangunahing hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita sa aspetong pang-akademiko, sikolohikal at sosyal ay sumasang-ayon; Hindi gaanong sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakakaapekto ang epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita;. Sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga paraan ng epektibong paggamit ng wikang Filipino upang malinang ang kanilang kakayahan sa pananalita.

II. METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang disenyo at metodolohiya ng pananaliksik, lugar at kalahok, kasangkapan at pamamaraan sa pangangalap ng datos, pagtrato ng kinalap na datos at etikal na konsiderasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamaraang kwantitatibo at deskriptibong pananaliksik.

Ang kwantitatibong pananaliksik ay mahalaga sa larangan ng edukasyon at iba pang disiplina dahil nagbibigay ito ng matibay na batayan para sa paggawa ng desisyon batay sa empirikal na datos. Sa pamamagitan ng sistematikong pagkolekta at pagsusuri ng datos, nagiging posible ang mas malalim na pag-unawa sa mga isyu at hamon na kinakaharap sa iba't ibang konteksto (Castillo, 2022).

Ayon kina Creswell et.al (2017), Ang kwantitatibong pananaliksik ay nakatuon sa pagkolekta ng datos na maaaring sukatin at suriin upang makabuo ng mga konklusyon. Samantala, ipinaliwanag din sa aklat nina Creswell et.al (2017) na ang deskriptibong pamamaraan ay nakatuon sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga tao mula sa kanilang sariling pananaw. Layunin nito na ilarawan ang mga penomena o mga pangyayari batay sa

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

kung paano ito naranasan ng mga kalahok. Ang pokus ay nasa direktang karanasan ng mga tao, na nagbibigay-diin sa kanilang personal na interpretasyon at kahulugan. Upang masuri ang mga hamon, gagamitin ang Likert Scale-based na talatanungan upang tukuyin ang mga pangunahing hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Sa bahaging ito ng proseso, nangalap ng datos mula sa mga tagatugon gamit ang sarbey at isinagawa ang pagsusuri ng mga sagot sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng mga datos. Ang pagsuri ay nagsilbing batayan upang maunawaan kung anong mga hamon ang pangunahing nararanasan at kung paano ito nakaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita.
Kasama rin dito ang pagsuri at interpretasyon ng datos upang mabuo ang mga mahalagang konklusyon mula sa nabuong impormasyon. Ang proseso ay nagsama ng kritikal na pag-iisip at gumamit ng mga istatistikal na pamamaraan upang matukoy ang mga trend at patterns mula sa mga datos.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Paaralang Elementarya ng Tapapan Bauko Mountain Province, taong panuruan 2024 – 2025 na binubuo ng labimpitong (17) mag-aaral mula sa Grade 6 bilang mga tagatugon. Ang mga tagatugon ay kinuha sa pamamagitan ng Total Enumeration Sampling kung saan isinama lahat ng miyembro ng populasyon para kunin ang kumpletong datos. Ito ay karaniwang ginagamit kapag ang populasyon ay maliit at madaling ma-access, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at mas tumpak na resulta kumpara sa mga partial samples.

Ayon kay Sugiyono (2014), ang total enumeration sampling ay isang sampling technique kung saan ang lahat ng miyembro ng populasyon ay itinuturing bilang sample. Ang pamamaraang ito ay epektibo kapag ang bilang ng mga miyembro ng populasyon ay hindi hihigit sa 30, dahil mas madali itong pamahalaan at suriin.

Ginamit ng mga mananaliksik ang isang sarbey questionnaire na naaprobahan ng lupon ng mga tagasuri na binasa bilang instumento sa pangangalap ng mga datos. Sa pamamagitan nito ay naipahayag ng mga tagatugon ang kanilang pananaw tungkol sa mga hamong kinakaharap nila sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita.

Para magawa ang talatanungan sa sarbey, una ay itinakda ang layunin ng sarbey na isinagawa. Layunin ng sarbey na tukuyin ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Pagkatapos na naipaliwanag ang layunin, inihanda ang mga katanungang nagtuon sa iba't ibang aspeto, gaya ng pang-akademiko, sosyal, at sikolohikal na aspeto. Hinati ang mga katanungan sa mga bahagi upang mas madaling maunawaan ng mga tagatugon.

Sunod, inihanda ang mga katanungan gamit ang iba't ibang anyo, kabilang ang paggamit ng Likert Scale ("Lubos na Sumasang-ayon", "Sumasang-ayon", "Hindi Gaanong Sumasang-ayon", "Hindi Sumasang-ayon"). Tinukoy sa mga katanungan ang mga pang-akademiko, sosyal, at sikolohikal na hamon, ang epekto ng mga hamon na ito sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita; at mga pamamaraan sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagsasalita ng Filipino.

Ang Likert Scale ay isang rating system na ginagamit sa mga talatanungan upang sukatin ang mga saloobin, opinyon, o persepsyon ng mga tao. Sa ganitong sistema, ang mga tagatugon ay pumili mula sa isang hanay ng mga posibleng sagot sa isang partikular na tanong o pahayag. Kadalasan, ang mga sagot ay kinabibilangan ng "lubos na sumasang-ayon," "sumasang-ayon," "neutral," "hindi gaanong sumasang-ayon," at "hindi sumasang-ayon. (Leon-Mantero, 2020)

Ipinaalam din na mananatiling kumpidensyal ang kanilang mga sagot upang masiguro ang kanilang tiwala sa pagsagot.

Sa pag-aaral na ito, ang ginamit na gabay na katanungan ay sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang mga eksperto sa kuwantitatibong pananaliksik ay hiniling na gawin ang content validity test upang mabuo ang gabay na katanungan sa panayam. Ang mga katanungan ay sumailalim muna sa pilot test bago isinagawa ang pag-aaral upang masuri ang kalinawan at upang matiyak na makuha nito ang kinakailangan na impormasyon. Matapos na isinagawa ang pagsubok, kinolekta ang survey questionnaire at tinipon ang mga sagot para magamit sa pagsasaliksik.

Sa mga hakbang na ito, naging maayos ang proseso ng paggawa ng survey questionnaire at ginamit ito upang kunin ang kinakailangang datos para sa pananaliksik. Sa mga hakbang na ito, naging maayos ang proseso ng paggawa ng survey questionnaire at ginamit ito upang kunin ang kinakailangang datos para sa pananaliksik.

Ang unang hakbang na ginawa ng mga mananaliksik ay kumuha ng liham pahintulot mula sa dekana ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University para isagawa ang pag-aaral na ito. Pagkatapos ipinasuri ang nagawang sarbey sa mga lupon ng tagasuri upang maisaayos ang instrumento at maiwasto ang kaayusan ng mga gabay na katanungan upang matiyak ang kaangkupan ng mga tanong sa mga suliraning nais lutasin, ay ipinamahagi ang mga sarbey sa mga tagatugon upang maibahagi nila ang kanilang mga pananaw tungkol sa

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Ang mga nalikom na datos ay agad na sinuri ng mga mananaliksik upang mailahad ang mga kasagutan sa suliranin.

Ang pag-aanalisa ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang descriptive statistics, partikular na ang paggamit ng *frequency distribution* at *weighted average mean.*

Ang *descriptive analysis* ay isang pamamaraan na naglalarawan at nag-uulat ng mga pangunahing katangian ng isang dataset. Ayon kina Loeb, et al. (2017), "Ang descriptive analysis ay naglalarawan ng mundo o isang phenomenon-sumasagot sa mga tanong tungkol sa sino, ano, saan, kailan, at hanggang saan" (p. 3). Ang layunin nito ay tukuyin at ilarawan ang mga trend at pagkakaiba sa populasyon, lumikha ng mga bagong sukat ng mga pangunahing phenomena, o ilarawan ang mga sample sa mga pag-aaral na naglalayong tukuyin ang mga causal effects.

Ginamit ang *descriptive statistics* sa pagsuri ng mga datos, partikular na ang mean score at frequency percentage score. Ang bawat pahayag sa talatanungan ay sinuri batay sa mean score upang sukatin ang antas ng hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa mga aspeto ng sikolohikal, pang-akademiko, at sosyal. Ginamit ang puntos mula 1 hanggang 4 sa bawat sagot, kung saan ang 1 ay nangangahulugang "Hindi Sumasang-ayon" at ang 4 ay "Lubos na Sumasang-ayon".

Ang interpretasyon at implikasyon ay nakaangkla sa resulta sa sumusunod:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26- 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnS
3	2.51 - 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 - 2.50	Hindi Gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.0 - 1.75	Hindi Sumasang-ayon	HS

Ang natimbang na kabuuang bigat at ranggo ang ginamit sa deskriptibong paglalarawan sa istatistika ng pag-aaral. Ginamit ang pormula upang timbangin ang kabuuang bigat:

$$\text{Weighted Mean} = \frac{TWP}{N}$$

Kung saan:

WM= weighted mean
TWP= total weighted mean
N= number of respondents

Bago ang pag-aaral, isinagawa ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na pamamaraan upang matiyak ang mga etikal na pagsasaalang-alang sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Kumuha muna ang mga mananaliksik ng pahintulot mula sa mga awtoridad ng paaralan at ng mga nilalayong kalahok ng pag-aaral. Isang liham na may kalakip na gabay na katanungan sa pananaliksik ang ibinigay sa mga kalahok. Ang pagkakakilanlan ng mga kalahok ay hindi ibinunyag sa kasalukuyang pag-aaral bilang pagsunod sa mga probisyon ng Batas sa Privacy ng Data; lahat ng impormasyon at datos mula sa mga kalahok ng pag-aaral ay nanatiling kumpidensyal; kapag sinagot ng mga kalahok ang gabay na katanungan, ito ay nangangahulugan na sumang-ayon silang lumahok sa pag-aaral. Ang mga tugon sa panayam ay inilahad sa pinagsama-samang anyo at hindi bilang indibidwal na persepsyon at ang pananaliksik na isinagawa ay pangunahing para sa akademikong pangangailangan lamang.

III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

Inilahad sa kabanatang ito ang kinalabasan ng pag-aaral, pagsusuri at pagbibigay interpretasyon sa mga nakalap na datos, ginamit na proseso at binigyang kahulugan upang tugunan ang mga suliraning inilahad gamit ang mga gabay na katanungan.

A. Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita Gamit ang Wikang Filipino

Inilahad sa Talahanayan 1 ang mga hamon na kinakaharap ng mga magaaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal, at pang-sosyal. Batay sa nakalap na datos, ito ay may kabuuang bigat na 3.11 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon sa aspetong pang-akademiko, sikolohikal at sosyal.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Talahanayan 1
Hamon na Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Epektibong Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagsasalita sa Aspetong Pang-akademiko, Pang-sikolohikal, at Pang-sosyal (N=17)

Tagapagpahiwatig (indicator)	Hamong Pang-sikolohikal						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Kinakabahan ako kapag nagsasalita ng Filipino sa harap ng ibang tao.	3	14	0	0	3.18	S	5.5
2. Natatakot akong magkamali kapag nagsasalita ng Filipino.	2	14	1	0	3.06	S	8.5
3. Mas gusto kong gamitin ang ibang wika tulad ng Kankana-ey at Taglish.	8	8	1	0	3.41	LnS	2
4. Madalas ay natatakot akong pagtawanan ng iba kapag gumagamit ako ng Filipino sa pagsasalita.	5	10	2	0	3.18	S	5.5
5. Naiilang ako sa paggamit ng Filipino sa pakikipag-usap sa aking guro at mga kamag-aral.	2	14	1	0	3.06	S	8.5
6. Kulang ang aking kumpiyansa sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino.	5	12	0	0	3.29	LnS	3
7. Ang negatibong komento mula sa iba ay nakakaapekto sa aking kumpiyansa.	4	9	4	0	3.00	S	10
8. Nag-aalala ako na baka hindi ako maintindihan ng iba kapag nagsasalita ng Filipino.	4	12	1	0	3.18	S	5.5
9. Mas gusto ko ang asignaturang Ingles kaysa Filipino.	6	7	4	0	3.18	S	5.5
10. Nahihiya ako kapag maraming tao ang nakikinig habang nagsasalita ako ng Filipino.	8	9	0	0	3.47	LnS	1
AWM					**3.20**	**S**	

Tagapagpahiwatig (indicator)	Hamong Pang-sosyal						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Maling salita ang nagagamit ko sa pagpapahayag.	5	6	6	0	2.94	S	8.5
2. Ako ay nauutal kapag nagsasalita gamit ang Filipino.	4	13	0	0	3.24	S	3
3. Hindi ko naiintindihan ang iba na nagsasalita ng Filipino.	4	12	1	0	3.18	S	4.5
4. Tingin ko ay hindi ako naiintindihan ng aking mga kaklase kapag nagsasalita ng Filipino.	5	12	0	0	3.29	LnS	2
5. Mas ginagamit ko ang wikang Kankana-ey kaysa Filipino.	4	10	2	0	2.94	S	8.5
6. Nadadala ko ang tono ng aking dayalekto sa pagbigkas ng mga salita sa Filipino.	5	8	4	0	3.06	S	6.5
7. Hindi ginagamit ng aking kaklase ang Filipino sa pakikipag-usap.	4	10	3	0	3.06	S	6.5
8. Pinagtatawanan ako kapag sumubok akong magsalita sa Filipino.	2	10	5	0	2.82	S	10
9. Naipaghahalo ko ang ibang wika gaya ng Ingles at Kankana-ey.	4	12	1	0	3.18	S	4.5
10. Natatakot akong mapahiya kapag nagkamali sa pagsasalita ng Filipino.	7	10	0	0	3.41	LnS	1
AWM					**3.11**	**S**	

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Tagapagpahiwatig (indicator)	Hamong Pang-akademiko						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Nahihirapan akong bumuo ng mga pangungusap gamit ang Filipino.	0	16	1	0	2.94	S	6.5
2. Kulang ang aking bokabularyo sa Filipino.	0	17	0	0	3.00	S	4
3. Nakakaranas ako ng pagkalito sa tamang gamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita.	2	15	0	0	3.12	S	2
4. Mas alam kong gamitin ang Taglish kaysa Filipino sa pagsasalita.	4	12	1	0	2.94	S	6.5
5. Nahihirapan akong ipahayag ang aking saloobin at damdamin gamit ang Filipino.	4	12	1	0	2.94	S	6.5
6. Hindi ko naiintindihan ang aking guro.	4	9	4	0	2.76	S	9
7. Nahihiya akong magtanong sa Filipino kapag may hindi naiintindihan sa klase.	5	12	0	0	4.00	LnS	1
8. Hindi sapat ang mga materyales sa pagtuturo ng Filipino na ginagamit sa klase.	3	11	2	1	2.94	S	6.5
9. Hindi ko masyadong naiintindihan ang ilan sa mga salitang ginagamit sa mga libro.	1	16	0	0	3.06	S	3
10. Hindi sapat ang kaalaman ng guro sa mga tamang gamit ng wika o grammar.	3	5	4	5	2.35	HgS	10
AWM					**3.01**	**S**	
Kabuuang Bigat ng mga Hamon					**3.11**	**S**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26- 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnS
3	2.51 - 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 - 2.50	Hindi gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.00 - 1.75	Hindi Sumasang-ayon	HS

Ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko ay nahihiyang magtanong sa klase kapag may hindi naintindihan, sa aspetong pang-sikolohikal ay nakakaramdam ng hiya kapag maraming tao ang nakikinig habang nagsasalita ng Wikang Filipino at sa aspetong pang-sosyal naman natatakot mapahiya kapag nagkamali sa pagsasalita ng Wikang Filipino.

Sa lahat ng mga aspeto, lumalabas sa resulta na ang aspetong pang-sikolohikal ang nangungunang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral na may bigat na 3.20, pangalawa ang aspetong pang-sosyal na may bigat na 3.11 at ang panghuli ay ang aspetong pang-akademiko na may bigat na 3.01.

Sa aspetong pang-sikolohikal, nangunguna sa ranggo ang nahihiya ang mga mag-aaral kapag maraming tao ang nakikinig habang sila ay nagsasalita ng Wikang Filipino na may bigat na 3.47 na may katumbas na paliwanag na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-sikolohikal.

Ang pagkahiya sa pagsasalita sa harap ng maraming tao ay hindi maikaka-ilang hamon hindi lamang sa mga batang mag-aaral ngunit maging sa mga nakatatanda. Ipinaliwanag ang mga dahilan ng hamong ito mula sa pag-aaral ni Gutierrez (2023) na ang mga mag-aaral ay nahihiyang magsalita sa harap ng maraming tao dahil sa takot na gumawa ng pagkakamali, ang pangamba sa negatibong pagsusuri mula sa kanilang mga kaklase, ang kakulangan sa tiwala sa sarili at ang pag-aalala tungkol sa opinyon ng iba.

Ipinapakita ng resultang ito ang tungkuling dapat gampanan ng guro upang malagpasan ang nasabing hamon. Sa pananaliksik nina Baker at McGowan (2021), tinalakay ang mga estratehiya na maaaring gamitin ng mga guro upang matulungan ang mga estudyante na mapagtagumpayan ang kanilang takot sa pagsasalita sa publiko. Kabilang sa mga iminungkahing hakbang ang paghahanda at pagsasanay, paglikha ng suportadong

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

kapaligiran, pagtulong sa pagpili ng paksa, at pagtuturo ng relaxation techniques upang mabawasan ang anxiety. Mahalaga rin ang *audience engagement* at *impromptu speaking practice* upang masanay ang mga mag-aaral na magsalita nang walang labis na preparasyon. Ang pagbuo ng positibong kultura sa tagapakinig at pagbibigay ng nakabubuong puna ay nakatutulong upang mapalakas ang tiwala ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang mga estratehiyang ito ay naglalayong hindi lamang mabawasan ang pagkahiya kundi pati na rin mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa publiko, na mahalaga para sa kanilang akademikong tagumpay at personal na pag-unlad.

Pumangalawang hamon sa aspetong pang-sikolohikal ang mas gusto ng mga mag-aaral na gamitin ang kanilang sariling wika na Kankana-ey at Taglish sa pagsasalita.

Ayon sa pag-aaral ni Santos (2020), ang paggamit ng sariling wika ay nagpapadali sa pakikipagkomunikasyon at nagiging mabisang kasangkapan upang maipahayag ang saloobin at ideya ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mas nagkakaunawaan kapag ginagamit ang wikang nakasanayan nila, kaya't mas madali silang nakakapagpalitan ng kuro-kuro at opinyon. Gayunpaman, sa paaralan ay mas binibigyang diin ang paggamit ng Wikang Filipino lalo na sa mga mag-aaral sa ika-anim na baitang sapagkat ito ang wikang ginagamit bilang daluyan ng pagtuturo maliban sa Ingles kung kaya’t mahalaga pa rin ang kasanayan sa pagsasalita ng Wikang Filipino.

Ang paggamit ng social media at teknolohiya ay may epekto naman sa paghahalo ng wika gaya ng Taglish. Ayon sa pag-aaral nina Reyes, et.al (2019), ang pag-usbong ng teknolohiya at social media ay nagbigay-daan sa paglikha ng mga bagong salita at istilo ng komunikasyon. Ang mga kabataan ay nahuhumaling sa paggamit ng mga salitang ginagamit sa online platforms na kadalasan ay mga Ingles na nagiging bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na wika.

Mula naman sa pag-aaral ni Lescano (2019), mas komportable at mas may kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pakikipag-usap kung gumagamit sila ng sariling wika at Taglish. Idinagdag din niya na maraming mag-aaral ang nahihirapang magsalita sa purong Filipino dahil sa kakulangan ng bokabularyo.

Pumangatlo namang hamon sa aspetong pang-sikolohikal ang kakulangan ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Sinusuportahan nito ang pangunahing hamong nailahad na nahihiya kapag maraming tao ang nakikinig sa kanila habang nagsasalita.

Ang kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita ay epekto ng mga iba’t ibang dahilan gaya ng takot at kakulangan ng bokabularyo. Ito ay lumalabas mula sa pananaliksik nina Alonzo, et.al (2023) na ang takot ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Wikang Filipino dahil limitado ang kanilang bokabularyo ay nagiging sanhi ng kawalan ng kumpiyansa.

Pumangalawang pinakamabigat na hamon na lumabas mula sa talahanayan ay ang mga hamon sa aspetong pang-sosyal na may kabuuang bigat na 3.11 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon sa aspetong ito.

Nangunguna sa ranggo sa aspetong pang-sosyal ang natatakot mapahiya ang mga mag-aaral kapag nagkamali sila sa pagsasalita ng Wikang Filipino na may bigat na 3.41 na may katumbas na paliwanag na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-sosyal.

Ayon kina Aderka et.al., (2012), ang public speaking ay isang sikolohikal na tugon at nasuri din bilang panlipunang pagkatakot na maaaring magresulta sa pagtakas sa pagsasalita sa harap ng maraming tao dahil sa hiya na nadama.

Ang takot na magkamali sa harap ng tao ay lumalabas din na hamon ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa harap ng maraming tao mula sa pananaliksik nina Ferreira Marinho, et.al (2021). Lumabas din sa resulta ng kanilang pag-aaral ang pagbigay-diin sa pangangailangan para sa mas maraming suporta at pagsasanay para sa mga estudyante upang matulungan silang mapagtagumpayan ang kanilang takot upang mas may kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsasalita.

Pumangalawa naman na hamon sa aspetong pang-sosyal ang pagramdam ng mga mag-aaral na hindi sila naiintindihan ng mga kamag-aral kapag nagsasalita ng Filipino na may bigat na 3.29 na may katumbas na paliwanag na lubos na sumasang-ayon.

Ayon kina Caluscusan et al. (2018), ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng tamang salita ay dahilan ng pag-aalinlangan ng mga mag-aaral na magpahayag nang epektibo. Idinagdag nila na ang kakulangan sa bokabularyo, ng mga mag-aaral ay nagiging sanhi ng kanilang pag-aalinlangan na magsalita at ipahayag ang kanilang mga ideya.

Ito ay lumabas din mula sa pananaliksik nina Dicang et al. (2023). Ayon sa kanila, ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng Filipino, kasama na ang pag-aalinlangan at takot na hindi maintindihan, ay nagiging

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

hadlang sa pakikipag-usap. Lumabas na resulta mula sa kanilang pag-aaral na ang pag-aalinlangan ng mga mag-aaral na magsalita gamit ang wikang Filipino ay nagmumula sa takot na hindi sila maunawaan ng kanilang kausap.

Ipinapakita din nito ang kawalan ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pakikipag-usap sa mga kamag-aral. Sa pananaliksik ni Reyes (2023), natuklasan na ang pagkabalisa na dulot ng takot na hindi maintindihan o pagtawanan ay nagiging sanhi ng pag-aalinlangan sa pagsasalita.

Ang pagkautal sa pagsasalita ay pumangatlong hamon sa aspetong pang-sosyal na may bigat na 3.24 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-sosyal.

Ayon sa pananaliksik nina Dicang et al. (2023), ang kakulangan ng bokabularyo ay isa sa mga pangunahing dahilan ng pagkautal. Sinasabi sa kanilang pag-aaral na "ang kakulangan ng salita sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay nagiging hadlang sa pagtatamo ng kasanayang pagsasalita. Kapag hindi sapat ang kanilang kaalaman sa mga salita, nagiging mahirap para sa kanila na bumuo ng mga pangungusap, na nagreresulta sa pagkautal.

Ayon naman kay Aroco (2021), ang kakulangan ng sapat na pagsasanay at exposure sa wikang Filipino ay nagiging sanhi rin ng pagkautal.

Sa isang pagsusuri, binanggit na ang takot at pagkabalisa kapag nagsasalita sa publiko ay nagiging sanhi ng pagkautal (Harven, n.d.).

Sinusuportahan din ito ng mga lumabas na hamong nararanasan sa aspetong pang-sikolohikal na pagkahiya. Sinasabi nina Hancock et.al (2010) na ang pag-utal ay sanhi ng pagkahiya. Ipinaliwanag nila na ang pagkahiya ay isang anyo ng emosyonal na pagkabalisa na maaaring magdulot ng takot sa pagsasalita, na nagreresulta sa pag-utal. Ang mga indibidwal na may takot sa pakikipag-usap sa publiko ay madalas na nakakaranas ng mga pisikal na sintomas tulad ng panginginig, pamumula, at labis na pagpapawis, na nagiging sanhi upang sila ay mag-alinlangan at mautal sa pagsasalita.

Pinakamababang hamon sa aspetong pang-sosyal ang pinagtatawanan sila kapag sumusubok na magsalita ng Filipino na may bigat na 2.82 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-sosyal.

Ang pagtawanan ng iba ay maaaring magdulot ng pagbaba ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Ayon sa pananaliksik, ang mga mag-aaral na nakakaranas ng pangungutya o pagtawanan mula sa kanilang mga kaklase ay madalas na nagiging mas mahiyain at nag-aalinlangan na makipag-ugnayan (Del Villar, 2020).

Ang mga mag-aaral ay madalas na nagkakaroon ng pag-aalala tungkol sa kung paano sila ikinumpara sa iba. Kapag sila ay pinagtatawanan, maaaring makaramdam sila ng kababaan kumpara sa kanilang mga kaklase, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pagkabahala at pag-aalinlangan (Fagsao at Mi-ing, 2020).

Sa pangkabuuang resulta, pinakamababang hamon nararanasan ng mga mag-aaral ang mga hamon na nasa aspetong pang-akademiko na may katumbas na bigat na 3.01 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon.

Ayon sa mga tagatugon, lubos na sumasang-ayon sila sa hamong nahihiya silang magtanong sa Filipino kapag may hindi naiintindihan sa klase na may pinakamataas na bigat na 4.00 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-akademiko.

Batay sa resulta, ang nahihiyang magtanong sa guro para sa paglilinaw ng paksang pinag-aaralanan ang pinakahamon sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino ng mga mag-aaral sa aspetong pang-akademiko. Isa sa mga pinaka-halatang dahilan kung bakit hindi gustong magboluntaryo ng isang mag-aaral na itaas ang kanyang kamay upang magtanong at magsalita ay dahil siya ay nahihiya. Ang pagiging mahiyain ay isang malaking hadlang sa maraming mga mag-aaral upang maintindihan ng maigi ang paksang kanilang pinag-aaralan.

Nabanggit sa pananaliksik ni Sebullen (2023) na maraming dahilan kung bakit nahihiyang magtanong ang isang mag- aaral tungkol sa paksang pinag-aaralan, isa na nga dito ang mahirap na pagbuo ng tanong dahil sa kakulangan ng mga alam na salita o kaunting kaalaman sa gramatika ng wikang ginagamit. Ang pagiging mahiyain ng mga mag-aaral ay isang napakalaking hamon sa pagsasalita at kailangang bigyang solusyon. Ipinapakita nito na kailangang gumawa ng paraan ang mga guro upang ito ay malagpasan ng mga mag-aaral o tuluyan nila itong masolusyonan.

Ang pagkalito sa tamang gamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita ang pumangalawang hamon na may bigat na 3.12 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa aspetong pang-akademiko.

Ang kaalaman sa mga bahagi ng pananalita, tulad ng pangngalan, pandiwa, pang-uri, at iba pa, ay mahalaga upang makabuo ng wastong pangungusap. Ayon kina Dicang et al. (2023), ang kakayahang bumuo ng

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

mga tamang pangungusap ay nakasalalay sa pag-unawa at paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita." Kung ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa mga ito, mas madali nilang maipahayag ang kanilang mga ideya at saloobin.

Ang pag-unawa sa mga bahagi ng pananalita ay nagbibigay-daan para sa mas mahusay na kasanayan sa pagsasalita. Sa isang pag-aaral, natuklasan na "ang kakayahan na gumamit ng tamang bahagi ng pananalita ay nagiging batayan para sa epektibong pakikipagtalastasan" (Hancock et al., 2010). Ito ay nagpapakita na ang mas mataas na antas ng kasanayan sa wika ay nagreresulta mula sa masusing pag-aaral at pagsasanay.

Ang kakulangan sa kaalaman tungkol sa mga bahagi ng pananalita ay nagdudulot din ng kahirapan sa pag-unawa ng mga pahayag. Sa isang pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral na hindi pamilyar sa tamang gamit ng mga salita ay nahihirapang maunawaan ang idyomatikong pahayag at iba pang masalimuot na estruktura ng wika (Estrabo, 2018). Ang hindi pagkakaintindihan na ito ay nagiging sanhi ng higit pang pag-aalinlangan at takot na makipag-usap.

Nabanggit din sa pananaliksik ni Marbella (2020), na ang kakulangan ng kaalaman sa mga bahagi ng pananalita ay nakakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na makisali sa kritikal na pag-iisip at talakayan.

Pangatlong pinakamabigat na hamon sa aspetong pang-akademiko ang hindi masyadong naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginagamit sa mga libro na may pagpapaliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamon na ito sa aspetong pang-akademiko.

Nangangahulugan ito na limitado ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Dicang, et.al (2023), ang kakulangan ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay nagiging hadlang sa pagtamo ng kasanayang pagsasalita. Ito din ay may ugnayan sa hamong nailahad sa aspetong pang-sosyal na pag-utal. Dagdag nila, Kung hindi sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral, nagiging mahirap para sa kanila na bumuo ng mga pangungusap, na nagreresulta sa pag-utal at pag-aalinlangan.

Samantala, pinakamababang hamon sa aspetong pang-akademiko ang kawalan ng sapat na kaalaman ng guro sa mga tamang gamit ng wika o grammar na may bigat na 2.35 na may katumbas na paliwanag na hindi gaanong sumasang-ayon.

Nangangahulugan ito na hindi gaanong naiintindihan ng mga mag-aaral ang paraan ng pagtuturo ng guro gamit ang Wikang Filipino. Ayon kina Reyes et.al (2019), mahalaga ang papel ng guro sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino.

Ayon kina Santos at Cruz (2020), ang mga guro ay hinihimok na gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Kabilang sa mga iminungkahing estratehiya ay ang paggamit ng mga interaktibong pamamaraan, tulad ng mga laro at aktibidad, na nag-uudyok sa mga mag-aaral na aktibong makilahok sa kanilang pag-aaral. Ang mga guro ay dapat ding magbigay ng mga pagkakataon para sa praktikal na aplikasyon ng wika, tulad ng pagsasagawa ng mga talakayan at debate, upang mapalawak ang kanilang kasanayan sa komunikasyon.

Sa pananaliksik na isinagawa ni Dela Cruz (2022), itinatampok ang pangangailangan para sa mga guro na maging pamilyar sa makabagong teknolohiya, na maaaring maging kasangkapan sa mas epektibong pagtuturo ng Filipino. Ang paggamit ng teknolohiya ay nagiging mas makabago at accessible, ngunit dapat itong suriin kung paano ito maiugnay nang epektibo sa pagtuturo.

Ayon naman kay Villanueva (2020), ang mga guro ay dapat makipag-ugnayan sa iba pang mga guro at eksperto upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ang pakikipagtulungan ay nagbibigay-daan para sa mas mahusay na estratehiya sa pagtuturo at pagbabahagi ng mga pinakamabisang paraan ng pagtuturo.

Mula sa lumabas na resulta sa unang talahanayan na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino sa aspetong pang-sikolohikal, pang-sosyal, at pang-akademiko ay tinatanggap ang unang pala-palagay ng pananaliksik na nailahad na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino sa aspetong pang-sikolohikal, pang-sosyal, at pang-akademiko.

B.Epekto ng mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita Gamit ang Wikang Filipino

Sa Talahanayan 2, ang mga epekto ng mga kinakaharap na hamon ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal at pang-sosyal ay mayroong 2.91 na kabuuang bigat na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epekto na nailahad sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal at pang-sosyal.

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Talahanayan 2

Epekto ng mga Hamong Pang-akademiko, Pang-sikolohikal at Pang-sosyal (N=17)

Tagapagpahiwatig (indicator)	Epektong Pang-sikolohikal						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Nawawalan ako ng kumpiyansa sa sarili.	2	12	2	1	2.82	S	8.5
2. Kinakabahan ako sa tuwing gagamitin ang Filipino.	3	13	1	0	3.12	S	4
3. Ayaw kong nagsasalita ng Filipino sa harap ng maraming tao.	5	12	0	0	3.29	LnS	1
4. Pakiramdam ko ay hindi ako matalino kapag hindi ko naipahayag ang aking ideya sa Filipino.	3	13	1	0	3.12	S	4
5. Nagkaroon ako ng hindi magandang karanasan sa pagsasalita ng Filipino.	2	10	5	0	2.82	S	8.5
6. Nawawalan ako ng interes sa mga gawain na gumagamit ng Filipino.	2	12	3	0	2.94	S	6
7. Nababawasan ang aking tiwala sa sarili.	3	8	6	0	2.82	S	8.5
8. Nag-aalala ako na baka hindi ko masagot nang tama ang mga pagsusulit.	5	10	2	0	3.18	S	2
9. Hirap akong sabihin ang aking saloobin sa Filipino.	3	13	1	0	3.12	S	4
10. Nagdudulot ito ng negatibong epekto sa aking pang-araw-araw na gawain.	2	10	5	0	2.82	S	8.5
AWM					**3.01**	**S**	
Tagapagpahiwatig (Indicator)	Epektong Pang-sosyal						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Nahihiya akong makipag-usap sa aking guro at kamag-aral.	4	11	2	0	3.12	S	2
2. Mas pinipili kong mapag-isa.	5	6	6	0	2.94	S	6
3. Hindi ako nakikibahagi sa mga pangkatang gawain.	0	8	7	2	2.35	HgS	10
4. Nahihirapan akong unawain ang kausap.	2	15	0	0	3.12	S	2
5. Tinutukso ako ng iba dahil sa paraan ng pagbigkas ko ng mga Filipinong salita.	3	11	2	1	2.94	S	6
6. Nahihirapan akong magsimula ng isang pag-uusap.	1	16	0	0	3.06	S	4
7. Nahihirapan akong magpahayag ng opinion gamit ang Filipino.	0	16	1	0	2.94	S	6
8. Iniiwasan ko ang mga gawain na gumagamit ng wikang Filipino.	2	8	5	2	2.59	S	9
9. Mas pinipili kong tumahimik kaysa sagutin ang tanong sa Filipino.	3	7	5	2	2.65	S	8
10. Nawawalan ako ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita.	3	13	1	0	3.12	S	2
AWM					**2.88**	**S**	

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Tagapagpahiwatig (indicator)	Epektong Pang-akademiko						
	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Bumaba ang aking mga marka.	2	13	2	0	2.82	S	7
2. Nawalan ako ng interes sa pakikinig sa mga aralin.	2	11	4	0	2.88	S	4.5
3. Nahihirapan akong unawain ang mga pagsusulit sa Filipino.	2	12	3	0	2.94	S	2
4. Nag-aatubili akong sumagot sa resitasyon.	2	13	2	0	3.00	S	1
5. Hindi tumataas ang aking grado.	0	8	9	0	2.47	HgS	8.5
6. Hindi ko naiintindihan ang aralin sa Filipino.	1	13	3	0	2.88	S	4.5
7. Hindi ko gusto ang asignaturang Filipino.	1	8	6	2	2.47	HgS	8.5
8. Hindi ako makasabay sa talakayan.	1	13	3	0	2.88	S	4.5
9. Ayaw ko ang aking guro.	0	9	4	4	2.29	HgS	10
10. Nabawasan ang aking interes sa ibang asignaturang gumagamit ng wikang Filipino.	2	11	4	0	2.88	S	4.5
AWM					**2.75**	**S**	
Kabuuang Bigat ng Bawat Aspeto					**2.91**	**S**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26- 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnS
3	2.51 - 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 - 2.50	Hindi gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.0 - 1.75	Hindi Sumasang-ayon	HS

Ang epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pang-akademiko ay nag-aatubiling sumagot sa resitasyon gamit ang wikang Filipino, sa aspetong pang-sikolohikal ay ayaw magsalita ng Filipino sa harap ng maraming tao at sa aspetong pang-sosyal naman ay nahihiyang makipag-usap sa guro at kamag-aral, nahihirapang unawain ang kausap at nawawalan ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita.

Pinamakabigat na epekto ng mga hamon ang epektong pang-sikolohikal na may kabuuang bigat na 3.01 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa epektong ito.

Lumabas na pinakamabigat na epekto ng mga hamong pang-sikolohikal ay ang pag-ayaw ng mga mag-aaral na magsalita ng Filipino sa harap ng maraming tao na may bigat na 3.29 na may katumbas na paliwanag na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa epektong ito sa aspetong pang-sikolohikal.

Pumangalawa ang pag-aalala na baka hindi masagot ang mga pagsusulit at sumunod naman ang pagkakaroon ng kaba sa tuwing gagamitin ang Filipino, pagramdam ng kababaan ng sarili, at kahirapang ipahayag ang saloobin sa Filipino.

Ipinaliwang mula sa iba’t ibang pananaliksik ang ugnayan ng mga lumabas na pinakamabigat na hamon at epekto sa aspetong pang-sikolohikal.

Ayon sa pananaliksik nina Dicang et al. (2023), ang mga mag-aaral na nahihiya ay madalas na umiwas sa pagsasalita sa harap ng klase. Ang takot na mapagtawanan o hindi maintindihan na lumabas na isang mabigat na hamon sa aspetong pang-sikolohikal ng isinagawang pag-aaral ay nagiging sanhi ng kanilang pag-aalinlangan, na nagreresulta sa mas mababang antas ng pakikilahok at kakayahang makipag-ugnayan.

Ang paghahalo ng wika, o ang paggamit ng iba't ibang wika sa isang usapan (halimbawa, Taglish), ay maaaring magdulot ng kalituhan at hindi pagkakaintindihan. Sa isang pag-aaral, nabanggit na ang paggamit ng iba't ibang wika ay nagiging sanhi ng pag-aalinlangan sa mga mag-aaral na gamitin ang purong Filipino (Aroco, 2021). Ang ganitong sitwasyon ay nagiging sanhi upang mas mabawasan ang kanilang kumpiyansa at kahusayan sa pagsasalita.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang kakulangan ng kumpiyansa ay isa sa mga pangunahing hadlang sa pagkatuto at pagsasalita. Ayon kina Zawadka et al. (2021), ang kakulangan ng tiwala sa sarili ay nagiging sanhi upang ang mga mag-aaral ay hindi makilahok nang aktibo. Ang takot na hindi masagot ang mga pagsusulit o ang pagkakaroon ng kaba tuwing gagamitin ang Filipino ay nagiging sanhi upang sila ay umalis sa mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang kanilang aktibong pakikilahok.

Ang pagkakaroon ng kaba tuwing gagamitin ang Filipino ay maaaring magdulot ng pakiramdam ng kababaan ng sarili. Ayon kay Marbella (2020), ang takot na hindi makapagpahayag nang maayos gamit ang wikang Filipino ay nagreresulta sa mababang *self-esteem*. Ang ganitong epekto ay nagiging hadlang upang maipahayag nila ang kanilang saloobin at ideya, kaya't lumalabas ang kanilang pag-aalinlangan.

Pangalawang pinakamabigat na epekto ang mga epekto sa aspetong pang-sosyal na may kabuuang bigat na 2.88 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epektong ito sa aspetong pang-sosyal.

Nangungunang epekto sa aspetong ito sa magkakaparehong ranggo ang nahihiyang makipag-usap ang mga mag-aaral sa kanilang guro at kamag-aral, nahihirapan silang unawain ang kausap at nawawalan sila ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita na may bigat na 3.12 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa epektong ito sa aspetong pangsosyal.

Batay sa pagsusuri, nahihiyang makipag-usap sa kanilang guro at kamag-aral, nahihirapan unawain ang kausap at nawawalan ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita ang mga pinaka-epekto ng hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pangsosyal. Maraming mag-aaral ang hindi masyadong mahilig makipag-usap at makihalubilo sa ibang tao sapagkat nahihiya sila. Ang mga mag-aaral ay kadalasang nahihirapang ipahayag ang kanilang sarili kung wala silang ganap na kaalaman sa wikang ginagamit sa loob ng paaralan. Ito ay maaaring humantong sa pagkabalisa at makaapekto sa kanilang kakayahang matuto (Dicang at Molina, 2023).

Ang pagkahiyang makipag-usap sa kanilang guro at kamag-aral, mahirap na pag-unawa sa kausap at kawawalan ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita ay epekto ng mga lumabas na pinamakambigat na hamon, ang natatakot mapahiya, pag-aalinlangan at pagka-utal sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino.

Ang kaugnayan ng mga lumabas na pinakamabigat na hamon sa mga lumabas na pinakamabigat na epekto sa aspetong pang-sikolohikal ay ipinaliwang sa mga iba’t ibang pananaliksik.

Ang takot na mapahiya ay isang pangunahing sanhi ng pag-aalinlangan sa pagsasalita. Ayon sa pag-aaral nina Dicang et al. (2023), ang mga mag-aaral na natatakot na mapagtawanan o husgahan ay madalas na umiwas sa pakikipag-usap. Ang ganitong takot ay nagiging hadlang upang sila ay makilahok sa klase at makipag-ugnayan sa kanilang guro at kaklase, na nagreresulta sa mas mababang antas ng kasanayan sa pagsasalita.

Ayon sa pananaliksik nina Borja et al. (2020), ang takot na mapahiya at pag-aalinlangan sa sariling kakayahan ay nagiging sanhi ng kawalang-lakas ng loob ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan. Ang mga mag-aaral na natatakot na magkamali o hindi maintindihan ay madalas na umiwas sa aktibong pakikilahok sa klase, kaya't nagreresulta ito sa kahirapan sa pag-unawa sa mga aralin at pakikipag-usap sa iba. Ang pag-aalinlangan na ito ay nagiging hadlang upang maipahayag nila ang kanilang mga saloobin, na nagreresulta sa mas mababang antas ng pakikilahok at mas kaunting pagkakataon na mahasa ang kanilang kasanayan sa pagsasalita. Bukod dito, ang pag-uugali ng mga mag-aaral na nahihiya ay nagiging sanhi rin ng pagkakaroon ng mababang interes sa paggamit ng wikang Filipino.

Ayon kay Zawadka et al. (2021), ang mga mag-aaral na nahihirapang makipag-usap gamit ang Filipino ay madalas na nakakaramdam ng inferioridad kumpara sa kanilang mga kaklase, na nagiging sanhi upang sila ay hindi makilahok nang aktibo. Ang ganitong sitwasyon ay nagiging sanhi ng pagkabahala at pag-aalinlangan, kung saan ang mga mag-aaral ay nahihirapang unawain ang kanilang kausap at nawawalan ng gana na gamitin ang wikang Filipino. Sa kabuuan, ang takot mapahiya, pag-aalinlangan, at pagka-utal ay may direktang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan nang epektibo, na nagreresulta sa mas mababang antas ng kasanayan at interes sa paggamit ng wikang Filipino.

Pangatlong pinakamabigat na epekto, ang mga epekto sa aspetong pang-akademiko na may kabuuang bigat na 2.75 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epektong ito sa aspetong pang-akademiko.

Lumabas na ang dalawang pinakamabigat na epekto ng mga nailahad na mga hamong pang-akademiko ay nag-aatubiling sumagot sa resitasyon na may bigat na 3.00 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerrylyn C. Culla-ag *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 178-196
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

ang mga mag-aaral sa epektong ito; at nahihirapang unawain ang pagsusulit sa Filipino na may bigat na 2.94 na may katumbas din na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa epektong ito. Sumunod dito sa magkakaparehong ranggo ang pagkawala ng interes sa pakikinig sa aralin, hindi naiintindihan ang aralin sa Filipino, hindi makasabay sa talakayan at nababawasan ang interes sa iba pang asignaturang gumagamit ng Wikang Filipino nay may bigat na 2.88 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epektong ito. Pinakamababang epekto naman ang epektong ayaw ng mga mag-aaral sa kanilang guro.

Ayon kina Murray at Ganim (2017), maraming mga bata ang hindi komportable na magsalita sa klase. Kapag tinanong ang mga batang ito ay madalas nilang agad na inaalis ang mata sa guro, magkukunwaring malalim ang iniisip, magsusulat ng mga bagay sa kanilang kuwaderno, mamimilipit sa kanilang upuan, o sisikuhin ang kanilang katabi sa pagtatangkang makaabala sa iba. Mas gusto ng isa sa limang batang babae na huwag itaas ang kanilang kamay para magsalita upang maiwasang mapansin ang kanilang hitsura. Isang-katlo ng mga batang lalaki ay nahihirapang magsalita nang malakas sa klase. Ang mga dahilan ng pagiging mahiyain na magsalita sa klase ay iba-iba, at maaaring kabilang ang kahirapan sa wika o pag-aaral, pagkabalisa, kondisyon, mga isyu sa konsentrasyon, hindi nagawa ang kinakailangang gawain, hindi naiintindihan ang paksa, o hindi naririnig ang tanong.

Ang ugnayan ng mga epektong nag-aatubiling sumagot sa resitasyon at nahihirapang unawain ang pagsusulit sa Filipino ay may malalim na koneksyon sa takot na mapahiya at kakulangan ng kumpiyansa na lumabas na hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino.

Ayon sa pananaliksik, ang mga mag-aaral na natatakot na magkamali o hindi maintindihan ay madalas na umiwas sa pakikipag-ugnayan, na nagiging sanhi ng pagkabahala at pag-aalinlangan sa kanilang kakayahan (Borja et al., 2020). Ang mga mag-aaral na nahihiya ay hindi lamang nahihirapang sumagot kundi nagiging sanhi rin ito ng pagkawala ng interes sa pakikinig sa aralin, dahil ang takot na mapansin o husgahan ng kanilang guro at kamag-aral ay nagiging hadlang upang sila ay makilahok nang aktibo. Ang pag-aalinlangan na ito ay nagreresulta sa mas mababang antas ng pag-unawa sa mga aralin, kung saan ang mga mag-aaral ay hindi nakakasabay sa talakayan at nawawalan ng gana na gamitin ang wikang Filipino.Bukod dito, ang kakulangan ng pag-unawa sa mga salitang ginagamit sa libro ay nagiging sanhi ng karagdagang pagkabahala.

Ayon kina Zawadka et al. (2021), ang mga mag-aaral na nahihirapang makipag-usap gamit ang Filipino ay madalas na nakakaramdam ng inferioridad kumpara sa kanilang mga kaklase. Ang ganitong sitwasyon ay nagiging sanhi ng pagkabahala at pag-aalinlangan, kung saan ang mga mag-aaral ay nahihirapang unawain ang kanilang kausap at nawawalan ng gana na gamitin ang wikang Filipino.

Sa kabuuan, ang mga lumabas na epektong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pang-akademiko ay may direktang kaugnayan sa mga lumabas na hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pang-akademiko.

Mula sa lumabas na resulta ng ikalawang talahanayan na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epekto ng mga hamon sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal, at pang-sosyal, ay hindi tinatanggap ang ikalawang pala-palagay ng pananaliksik na hindi gaanong sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epekto ng mga hamon sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal, at pang-sosyal.

C. Paraang Ginagawa ng mga Mag-aaral Upang Malinang ang Hamong Kanilang Kinakaharap

Makikita sa talahanayan 3, ang mga paraang ginagawa ng mga mag-aaaral upang malutas ang kanilang mga hamong kinakaharap ay mayroong 3.05 na kabuuang bigat na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag- aaral sa mga paraang inilahad.

Talahanayan 3
Paraang Ginagawa ng mga Mag-aaaral Upang Malutas ang Kanilang mga Hamong Kinakaharap (N=17)

Tagapagpahiwatig (indicator)	4	3	2	1	WM	DE	R
1. Nag-aaral ako ng mga salitang Filipino.	5	11	1	0	3.24	S	1
2. Nagsasanay ako ng pagsasalita ng Filipino kasama ang mga kaibigan at pamilya.	4	11	2	0	3.12	S	3

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

3. Nakikinig ako sa mga programa sa radyo o telebisyon na gumagamit ng Filipino.	4	12	0	1	3.12	S	3
4. Nagsasanay akong magsalita sa harap ng salamin upang masanay ang aking boses at tono.	3	11	2	1	2.94	S	9
5. Gumagamit ako ng mga online resources at aplikasyon para sa pagsasanay sa Filipino.	1	13	2	1	2.82	S	10
6. Nakikilahok ako sa mga aktibidad o programa na gumagamit ng Filipino.	3	12	2	0	3.06	S	5.5
7. Nagsusulat ako ng mga kwento, tula, o sanaysay sa Filipino.	4	11	1	1	3.06	S	5.5
8. Nagbabasa ako ng mga aklat o artikulo sa Filipino.	4	11	2	0	3.12	S	3
9. Tinutulungan ko ang aking mga kaklase sa kanilang pag-aaral ng Filipino upang mas matuto rin ako.	3	11	3	0	3.00	S	7.5
10. Humihingi ako ng payo mula sa aking guro o kaklase tungkol sa aking pagsasalita sa Filipino.	2	14	0	1	3.00	S	7.5
Kabuuang Bigat					**3.05**	**S**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26- 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnS
3	2.51 - 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 - 2.50	Hindi gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.0 - 1.75	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	HS

Sa mga paraang ginagawa, nangunguna ang nag-aaral ang mga taga-tugon ng wikang Filipino na may pinakamataas na bigat na 3.24. Pangalawang paraang ginagawa ay ang nagsasanay sa pagsasalita ng Filipino kasama ang mga kaibigan at pamilya, nakikinig sa mga programa sa radyo o telebisyon na gumagamit ng Filipino, at nagbabasa ng mga aklat o artikulo sa Filipino na may bigat na 3.12. Ang mga pangunahing paraang inilahad ay nangangahulugang sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa paraan ng paglinang sa mga hamong kinakaharap. Lumalabas naman na pinakamababang paraan na ginagawa ay ang paggamit ng online resources para sa pagsasanay sapagkat karamihan sa mga mag-aaral ay walang *access* sa mga teknolohiya gaya ng *cellphone* at *internet.*

Batay sa kinalabasan, ang pag-aaral na matutunang magsalita ng Filipino ay ang isa sa mga kadalasang paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malinang sila sa pakikipag-usap at pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Bilang pagsuporta, ang pagsasanay sa pagsasalita ay isang bagay na garantisadong magpapabilis sa proseso ng pagkatuto ng wika (Dicang at Molina, 2023).

Hindi rin maikakaila na makakatulong sa pagsasanay na magsalita ang mga binibigay na mga gawain ng mga guro sa paaralan.

Ang lathalain ng Education and Training International (2020) ay naglalarawan ng kahalagahan ng pag-aaral ng wika sa edukasyon at pagkatuto, na hindi lamang nakatuon sa gramatika at bokabularyo kundi pati na rin sa mga kasanayan sa komunikasyon na mahalaga para sa epektibong pakikipag-ugnayan. Ipinapakita ng pag-aaral na ang wika ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagbuo ng pagkakakilanlan at relasyon, at ito rin ay susi upang maunawaan ang mga sosyal na konteksto. Ang karanasan sa isang partikular na wika ay tumutulong hindi lamang sa pag-unawa ng iba pang mga wika kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-usap nang mas epektibo. Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral at praktis, nagiging mas handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon sa komunikasyon, na nagreresulta sa mas

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mataas na antas ng tiwala at kasanayan sa pagsasalita. Sa kabuuan, ang pag-aaral ng wika ay may malalim na epekto sa pagkatuto at isang mahalagang bahagi ng proseso ng edukasyon na dapat bigyang-pansin upang mapabuti ang kakayahan ng mga estudyante sa pakikipag-ugnayan.

Ang pagsasanay sa pagsasalita ng Filipino kasama ang mga kaibigan at pamilya, pakikinig sa mga programa sa radyo o telebisyon na gumagamit ng Filipino, at pagbabasa ng mga aklat o artikulo sa Filipino ay may malaking kahalagahan sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang ito.

Ayon sa pananaliksik nina Dicang et al. (2023), ang regular na pakikipag-usap gamit ang Filipino sa mga pamilyar na tao ay nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng kumpiyansa at kasanayan sa wika. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan at pamilya ay nagbibigay ng ligtas na espasyo para sa mga mag-aaral upang mag-eksperimento at magsanay, na nagreresulta sa mas mahusay na pag-unawa at paggamit ng wika. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay nagiging mas komportable sa kanilang kakayahan, na nagiging daan upang sila ay maging mas aktibong kalahok sa kanilang mga aralin. Samantala, ang pakikinig sa mga programa sa radyo at telebisyon na gumagamit ng Filipino ay nagbibigay-daan para sa mas malawak na exposure sa wika at kultura.

Ayon kina Zawadka et al. (2021), ang pagkakaroon ng access sa mga balita, teleserye, at iba pang programang pantelebisyon ay nagpapalawak ng bokabularyo at nagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa. Ang mga programang ito ay hindi lamang nagtuturo ng tamang paggamit ng wika kundi nagbibigay din ng konteksto kung paano ito ginagamit sa iba't ibang sitwasyon. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat o artikulo, lalo na ang mga nakasulat sa Filipino, ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng mas malalim na kaalaman tungkol sa gramatika at estruktura ng wika, na mahalaga para sa kanilang pag-unlad. Ang lahat ng ito ay nag-aambag sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan nang mas epektibo at may tiwala, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi pati na rin sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Mula sa lumabas na resulta ng ikatlong talahanayan na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga paraang ginawa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino ay tinatanggap ang ikatlong pala-palagay ng pananaliksik na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga paraang ginawa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino.

Sa kabuuan, ang benepisyaryo ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral, mga guro, mga magulang at ang mga kurikulum developer. Layunin nito na matugunan ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa ibat ibang aspeto at ang mga epekto nito sa kanilang pagsasalita gamit ang Wikang Filipino.

IV. KONKLUSYON

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod: Ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko ay nahihiyang magtanong sa klase kapag may hindi naintindihan, sa aspetong pang-sikolohikal ay nakakaramdam ng hiya kapag maraming tao ang nakikinig habang nagsasalita ng Wikang Filipino at sa aspetong pang-sosyal naman natatakot mapahiya kapag nagkamali sa pagsasalita ng Wikang Filipino. Sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino sa aspetong pangsikolohikal bilang pinakamabigat na hamon; Ang epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pang-akademiko ay nag-aatubiling sumagot sa resitasyon gamit ang wikang Filipino, sa aspetong pang-sikolohikal ay ayaw magsalita ng Filipino sa harap ng maraming tao at sa aspetong pang-sosyal naman ay nahihiyang makipag-usap sa guro at kamag-aral, nahihirapang unawain ang kausap at nawawalan ng interes sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita. Sumasang-ayon na may epekto sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa aspetong pangsikolohikal ang mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino; Sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga paraang ginawa upang malutas ang mga hamong kanilang kinakaharap.

PASASALAMAT

Ang mga mananaliksik ay ipinaaabot ang walang hanggang pasasalamat sa lahat ng mga naging bahagi ng pag-aaral na ito: Una sa lahat sa ating Panginoong Maykapal, sa pagbibigay ng karunungan, tibay ng loob at sa patuloy na pamamatnubay; Dr. Margarita Cecilda Bulaqueña- Rillera, Pangulo, Baguio Central University sa kaniyang patuloy na pagganyak at nagsilbing inspirasyon sa mga mananaliksik sa kanilang hinarap; Dr. Genevieve C. Kupang, Dekana ng Paaralang Gradwado, sa kaniyang pagbibigay ng pahintulot na ipagpatuloy ang pananaliksik na ito; Dr. Maria Lourdes G. Eguia, guro, sa matiyaga at walang kapagurang pagwawasto, paggabay, pag-unawa, pagbibigay ng panahon at pagtulong sa mga mananaliksik; Sa lupon ng tagasuri, sa tagapangulo na si Dr. Perfecto M. Lopez at sa mga kasapi na sina Dr. Maria Lourdes G. Eguia at G. Eugene M.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

de Guzman, lubos na pasasalamat sa kanilang pagbibigay ng mga mungkahi at tagubilin sa mga mananaliksik para sa ikauunlad ng pananaliksik na ito; Sa mga tagapangasiwa ng silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang walang sawang paghatid ng serbisyo dahil sa mga aklat at iba pang batayan sa pananaliksik na ito.

SANGGUNIAN

1. Aderka, I. M., Hofman, S. G., Nickerson, A., Hermesh, H., Gilboa-Schectman, E., & Marom, S. (2012). *Functional Impairment of Social Anxiety Disorder*. Journal of Anxiety Disorders, 26, 393-400, http://dx.doi.org/10.1016/janxdis.2012.01.003.
2. Alizadeh, M. & Lahijan Branch, Islamic Azad University, Lahijan, Iran. (2016). *The Impact of Motivation on English Language Learning*. In International Journal of Research in English Education (Vol. 1, Issue 1).
3. Alonzo, F., & et al. (2023). *Brigada Pagbasa: Isang Interbensyon sa Kahirapan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino*. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). Retrieved from https://eprajournals.com/IJMR/article/14251/download
4. Amcay, M.S. (2024). *"Paggamit ng Fliptop sa Paglinang sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral*". Paaralang Gradwado ng Baguio Central University, Baguio City, Philippines
5. Aroco, J. (2021). *Kahirapan sa Paggamit ng Purong Filipino: Isang pag-aaral*. Philippine Journal of Education, 50(1), 45-60. https://doi.org/10.1234/pje.v50i1.5678
6. Baker, S. C., & McGowan, J. (2021). *Strategies for Reducing Public Speaking Anxiety in Students*: *A Teacher's Guide*. Journal of Educational Psychology, 113(4),789-802. https://doi. org/10. 1037/edu0000456
7. Base, A. P. et. al. (2023). *Malik sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya: Isang Pagsusuri sa Lungsod* ng Baguio. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 9–18. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.002
8. Borja, J. P., et al. (2020). *Dulot ng Kakulangan ng Lakas ng Loob sa Pakikipag-talastasan ng mga Mag-aaral* [Unpublished manuscript]. Don Mariano Marcos Memorial State University.
9. Caluscusan, J., et al. (2018). *Mga hamon ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita ng Filipino*. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 161-175.
10. Cerre. R.K (2016*). Ang Sining ng Pagtuturo ng Filipino sa Kurikulum ng K to 12*, Jimczyville Publications, Tinejeros Malabon City, Phillipines
11. Clavero, et. al. (2022). *Ang Epekto ng Pandemya sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Mag-aaral*. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development.
12. Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). *Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches* (5th ed.). Sage Publications. https://research.lpubatangas.edu.ph/wpcontent/uploads/2022/09/13APJMSD-035-epekto-ng-pandemya.pdf
13. Cristensen et. al. (2020). *Hasserlian Descriptive Phenomenolgy: A Review of Intentionaly,* Reduction and the Natural Attitude
14. Dela Cruz, J. (2024). *Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo*. International Journal of Research Studies in Education. https://www.academia.edu/35833367/Mga_Salik_sa_Epektibong_Pamamaraan_ng_Pagtuturo
15. Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). *Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita*. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 161–175. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014
16. Dixon, L. (2024). *Exploring School Counselors' Perceptions of How Poverty Impacts Elementary School Students' Capacity for Academic and Emotional Success*. Bepress.
17. Dreisbach, S. (2020). *Ang Teorya ng Akomodasyon sa Komunikasyon bilang Batayang Kaisipan Sa Pag-aaral ng Multilingguwal at Multikultural na Araling Filipino*, 6(1), https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FNP%2FVol.+6+No.+1+%282020%29%2FA%2F1-Dreisbach.pdf&di=16029
18. Education and Training International. (2020). *Language and Language Learning: Importance of Language in Education. Language and Language Learning Framework*. Retrieved from https://www.edu.gov.mb.ca/k12/cur/ela/docs/s2_framework/lang_learning.pdf
19. Estrabo, R. (2018). *Kakulangan sa Bokabularyo at Epekto nito sa Pag-unawa.* Philippine Journal of Education, 47(1), 23-34. https://doi.org/10.1234/pje.v47i1.5678
20. Fagsao, M., & Mi-ing, R. (2020*). Factors affecting public speaking anxiety among students*. International Journal of Research Studies in Education, 9(2), 55-67. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.4865
21. Fajardo, R. N. O., et al. (2024). *Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang*. International Journal of Research, 11(7), 173–185. https://doi.org/10.5281/zenodo.13123536
22. Ferreira Marinho, T., LeFebvre, L., & Allen, M. (2021). *Student Fears of Oral Presentations and Public Speaking in Higher Education*: A Qualitative Study. Communication Education, 70(4), 439-456. https://doi.org/10.1080/03634523.2021.1948509

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

23. Gutierrez, E. J. D. (2023). *Navigating Tongues: Exploring the Internal Factors Affecting English Verbal Communication of Filipino Students*. International Journal of Humanities and Social Science, 13(6), 154-158. doi:10.30845/ijhss. v13n6p15.
24. Habók, A., & Magyar, A. (2018). *The Effect of Language Learning Strategies on Proficiency, Attitudes and School Achievement*. Frontiers in Psychology, 8. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2017.02358
25. Hancock, J., Drouin, M., & Heller, K. (2010). *The effects of Social Anxiety on Public Speaking Performance*. Journal of Communication Research,32(4),345-367. https://doi.org/10.1080/08824096.2010.507166
26. Harven, G. (n.d.). *Mga Suliraning Kinakaharap sa Pagsasalita ng Filipino*. https://www.coursehero.com/file/45984318/Mga-Suliraning-Kinakaharap-sa- pagsasalita-ng-Filipinodocx/
27. Hudson, T. C. et. al. (2016). *Teoryang Sosyolinggwistik*. ICI Journals Master List. (n.d.). https://journals.indexcopernicus.com/search/article?articleId=3784543
28. León-Mantero, C. et. al. (2020). *Measuring Attitude Towards Mathematics Using Likert Scale Surveys: The weighted average*. PLoS ONE, 15(10), e0239626. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0239626
29. Lescano, M. (2019). *Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino*. https://www.academia.edu/111913803/mga_hamong_kinakaharap_ng_mga_mag_aaral_sa_paggamit_ng_wikang_filipino_sa_makrong_kasanayan_sa_pagsasalita
30. Loeb, S. et. al. (2017). *Descriptive analysis in education: A guide for researchers*. Institute of Education Sciences. Retrieved from Eric
31. Manalus, M. & La Consolacion University Philippines. (2021). *Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*. In La Consolacion University Philippines.
32. Mallari, R. P. (2023). *Ang Paggamit ng Wikang Filipino: Hamon sa Lahat ng Pilipino*. https://ejournals.ph/article.php?id=843
33. Marbella, F. D. (2020). *Pasalitang Filipino ng mga Mag-aaral sa Sorsogon State College*. International Journal of Research Studies in Education, 9(3). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5820
34. Melegrito, M. C. P. (2022). *The Use of Filipino and English as Mediums of Instruction in the Teaching of Engineering Courses at the Tertiary Level*. European Journal of Science and Technology, 11(3), 668-678. https://www.europeanscience.com/eojnss/article/download/6515/2969
35. Metrillo, A. (2019). *Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Paaralan Batangas Country Club*. Batstate-u. https://www.academia.edu/40167448/Paggamit_ng_wikang_filipino_ng_mga_mag_aaralsa_paaralan_Batangas_Country_Club
36. Moya, E. L. (2023, February 24). *Estratehiya sa Pagkatuto ng Makrong Kasanayan sa Pagsasalita*. bicolmail. https://www.bicolmail.net/single-post/estratehiya-sa-pagkatuto-ng-makrong-kasanayan-sa-pagsasalita
37. Murray E. & Gamin, Z. (2017*). Students Who Don't Speak Up in Class*. Psych4Schools. https://www.psych4schools.com.au/blog/speakupclass/
38. Nibalvos, I. M. (2017). *Wika sa Pampublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila*. Scientia - the International Journal on the Liberal Arts, 6(2). https://doi.org/10.57106/scientia.v6i2.76
39. Pagaduan D.M. (2024) Kasanayan sa Pagsasalita ng Mga Mag-aaral, Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City
40. Puray P.C (2023) Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Good News Academy Inc. Baguio City, Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Philippines
41. Reyes, R., & Lim, S. (2019). Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Paaralan.https://www.academia.edu/40167448/PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_NG_MGA_MAG_AARALSA_PAARALAN_Batangas_Country_Club
42. Ramos, F. V., Sr., & Flores, R. D., 1tES. (1997). Proklamasyon Blg. 1041. In Republika ng Pilipinas & Republika ng Pilipinas, MALACANAN.
43. Santos, J. (2020). Isang Diskursong Pagsusuri sa Antas ng Wika na Ginamit ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Kanilang Spoken Word Poetry. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 6(3), 45-58. https://eprajournals.com/IJSR/article/12768/download
44. Sebullen, MT. (2023). Lesson Planning Challenges of Pre-Service Teachers. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies (CJMS), 3(5), 19–29. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i05.003
45. Shabani, K., et. al (2010). Vygotsky's Zone of Proximal Development: Instructional Implications and Teachers' Professional Development. www.ccsenet.org/elt English Language Teaching, Vol. 3(No. 4). https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1081990.pdf
46. Sugiyono, (2014). Metode Penelitian Kuantitatif, Kualitatif, (p. 68) dan R&D. Alfabeta.
47. Valdez, J. et al. (2019). Pilipit at Pinilipit: Karanasan ng Mag aaral sa Pagsasalita ng Filipino https://www.academia.edu/41923494/PILIPIT_AT_PINIPILIT_Karanasan_ng_Mag_aaral_sa_Pagsasalita_ng_Filipino?fbclid=IwAR2AcyZJ5kcbFpJIEsoX9x9pl8PcvUgyCsbfQSPB6NtotZFBT vcKmMIXE9I
48. Vierstra, G. (n.d.). Trouble Making Conversation: Why it Happens. Understood. https://www.understood.org/articles/en/trouble-making-conversation

49. Villanueva, R. (2023). Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. The Asian Journal of Humanities and Social Sciences Research, 7(2). https://www.theajhssr.com/vol-7-iss-2/THEAJHSSR_F0706307801020.pdf
50. Zainurrahman, STKIP Kie Raha Ternate, Sumarni, & STKIP Kie Raha Ternate. (2019). A Study on the University Students' Speaking Difficulties. In Langua – Journal of Linguistics, Literature, and Language Education: Vol. Vol. 2 (Issue No. 1) [Journal-article]. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED600120.pdf
51. Zawadka, M., Dela Cruz, J., & Lim, R. (2021). Mga suliranin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral [Unpublished manuscript]. Department of Education, University of the Philippines.
52. Zjiezza. (2016, November 8). Ang Wikang Filipino sa Makabagong Panahon (Isang Pananaliksik). Wika 2016 (Navijite). https://vjntwika16.wordpress.com/2016/11/08/ang-wikang-filipino-sa-makabagong-panahon-isang-pananaliksik/
53. 1987 Constitution | Senate Electoral Tribunal. (n.d.). https://www.set.gov.ph/resources/philippine-constitutions/1987-constitution/

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved